


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 14: Pagsunod sa Panuto ng Pagsusulat



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 14: Pagsunod sa Panuto ng Pagsusulit
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Pilinda Rose Dominguez

Editor: Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

Tagaguhit: Pilinda Rose Dominguez

Tagalapat: Cristina T. Fangon

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong

Librada M. Rubio

Ma. Editha R. Caparas

Nestor P. Nuesca

Merlinda T. Tablan

Ellen C. Macaraeg

Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 14:
Pagsunod sa Panuto ng Pagsusulit

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makasusunod nang maayos sa isang pagsusulit.
MT2SS-Ie-g- 1.2



Subukin


Panuto: Basahing mabuti ang ipinagagawa sa bawat bilang. Sundin ito at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Gumuhit ng parisukat.
2. Sa loob ng parisukat gumuhit ng bilog.
3. Isulat ang iyong pangalan sa loob ng bilog at salungguhitan ito.
4. Gumuhit ng tatsulok sa itaas at ibabang bahagi ng parisukat.
5. Sa magkabilang gilid ng parisukat ay gumuhit ng bituin at kulayan ito ng dilaw.

Pagsunod sa Panuto ng Pagsusulit

Sa araw-araw na pamumuhay, lagi mong naririnig ang mga panuto maging sa bahay, paaralan o kahit saan. Ang mahalaga, masunod nang wasto ang mga panuto upang maiwasan ang pagkakamali.

Sa wastong pag-intindi at pagsunod sa panuto ikaw ay maaring makakuha ng mataas na marka sa isang pagsusulit.



Balikan

Panuto: Lagyan ng tsek () kung ito ay ang mga dapat tandaan kapag nasa loob ng silid-aklatan at ekis (X) kung hindi.


- ____ 1. Magsalita nang malakas.
- ____ 2. Ingatan ang mga libro.
- ____ 3. Ugaliing magtanong sa guro kung may hindi naunawaan.
- ____ 4. Dito kumain ng baong pagkain.
- ____ 5. Maglaro ng habulan.



Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.

Pagsusulit

Pilinda Rose R. Dominguez



Unang markahang pagsusulit sa paaralan ngayon. Maagang nagsipasok ang mga mag-aaral sa ikalawang baitang. Ang lahat ay may kanya-kanyang hawak na gamit at tiniyak na ito ay kompleto. Nakikinig ding mabuti ang mga mag-aaral sa mga paalala ng guro bago mgasimula ang kanilang pagsusulit.

Una, basahing mabuti ang nilalaman ng pagsusulit. Ikalawa, umupo nang maayos. Ikatlo, kung mayroong hindi maintindihan sa gagawin, doon pa lamang magtanong sa guro. Ikaapat, takpan ang papel. Ikalima, huwag makikipag-usap sa katabi.


Lahat ng mag-aaral ay sumunod sa mga panuto sa pagsusulit. Kaya naging maayos ito at nagdulot ng mataas na marka na ikinatuwa rin ng kanilang guro.



Suriin


Mayroon ka bang karanasan na kahalintulad ng ating kuwento? Sumusunod ka rin ba sa mga paalala ng iyong guro tungkol sa wastong pagkuha ng pagsusulit? Katulad ka rin ba ng isang bata sa kuwento?

Panuto: Ayusin ang mga larawan batay sa pagkasunod-sunod ng mga gawain sa pagkuha ng pagsusulit. Isulat ang letra sa sagutang papel.



Mga Tala para sa Guro


Gabayang ang mag-aaral sa pagsasagot ng mga Pinatnubayang Pagsasanay.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin at sunding mabuti ang panuto at gawin ang mga ito sa sagutang papel.




1. Iguhit ang saranggola at kulayan ng asul ang itaas na bahagi ng saranggola.
2. Kulayan naman ng berde ang ibabang bahagi ng saranggola.
3. Lagyan ng iba't ibang kulay ang buntot ng saranggola.
4. Kulayan ng itim ang pisi o tali ng saranggola.
5. Isulat mo ang iyong pangalan sa ilalim.


Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagsunod sa panuto. Isulat ang letra ng tamang sagot.


1. Gumuhit ng bituin sa loob ng bilog.



2. Gumuhit ng dahon sa loob ng kahon.



3. Gumuhit ng araw at ulap.




4. Salungguhitan ang bilang ng iyong baitang.

A. 1 2 3 4 5

B. 1 ② 3 4 5

5. Kulayan ng itim ang ikalawang kahon.



Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung ang isinasaad ay mga dapat tandaan at gawin tuwing may pagsusulit at ekis (✗) kung hindi.

- ____ 1. Umupo nang maayos.
- ____ 2. Basahing mabuti ang test.
- ____ 3. Huwag makikipag-usap sa katabi.
- ____ 4. Ipakita sa kaklase ang mga sagot.
- ____ 5. Kung may hindi maintindihan tanungin ang katabi.

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang isinasaad ay wastong paghahanda at gawi sa pagkuha ng pagsusulit at **Mali** kung hindi.

- ____ 1. Pumasok ka nang maaga.
- ____ 2. Pinakopya mo ang iyong kaklase.
- ____ 3. Nanood ka ng telebisyon magdamag.
- ____ 4. Tinakpan mo ang iyong papel para hindi makita ng iyong katabi ang sagot.
- ____ 5. Gabi pa lamang ay inihanda na ang iyong lapis at papel.

Malayang Pagsasanay 1


Panuto: Hanapin sa Hanay B ang nagpapakita ng pagsunod sa panuto. Isulat ang letra ng tamang sagot.

Hanay A


1. Gumuhit ng tatsulok. Sa ilalim nito gumuhit ng kahon.
2. Gumuhit ng araw at kulayan ito ng dilaw.
3. Isulat ang salitang puno at bilugan ang unang patinig.
4. Isulat sa loob ng parihaba ang kulay ng pisara.
5. Umupo ng maayos.

Hanay B

A. 



D. 



Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot na bubuo sa bawat pangungusap.

- | | | |
|-----------|------------|------------|
| a. sundin | b. tanong | c. malinaw |
| d. maayos | e. tahimik | |

1. Bumasa nang _____.
2. Isulat nang _____ ang sagot.
3. _____ ang panuto.
4. Unawaing mabuti ang mga _____.
5. Umupo nang _____.

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin at sunding mabuti ang panuto at gawin ang mga ito sa sagutang papel.

1. Gumuhit ng bola sa ilalim ng upuan.
2. Kulayan ng itim ang mga paa ng upuan.
3. Maglagay ng puno sa kaliwa ng upuan.
4. Sa kanang bahagi ng upuan gumuhit ng isang bulaklak.
5. Lagyan ng puso ang ilalim ng bulaklak.

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat ang **D** kung dapat ang isinasaad na gawain sa pagsusulit at **HD** naman kung hindi.

- _____ 1. Mag-aral ng leksiyon sa gabi.
- _____ 2. Basahing mabuti ang panuto.
- _____ 3. Bigyan mo ng sagot ang iyong katabi.
- _____ 4. Basta na lamang sagutan ang pagsusulit.
- _____ 5. Palaging maghanda ng lapis at papel.



Isaisip

Panuto: Piliin sa kahon ang angkop na salita sa bawat patlang upang mabuo ang kahalagahan ng pagsunod sa pagsusulit.

panuto	wasto	pagsunod	tanong	pagkakamali
--------	-------	----------	--------	-------------

Mahalagang unawaing mabuti ang 1. _____ upang masagot nang 2. _____ ang bawat 3. _____. Sa tamang 4. _____ sa panuto ay maiiwasan ang 5. _____ at malito.



Isagawa

Panuto: Iguhit ang 😊 kung ang pahayag ay nagpapakita nang magandang dulot ng pagsunod sa panuto at ☹ kung hindi.

1. Naiiwasan ang pagkakamali.
2. Nalilito sa gagawin.
3. Nasasagot nang wasto ang mga tanong.
4. Hindi kaagad natatapos ang gawain.
5. Nakakukuha ng mataas na marka.




Tayahin

Panuto: Kopyahin ang mga pinapakita sa mga sumusunod na bilang. Gawin ang mga sumusunod.

1. Bilugan ang numero ng iyong baitang at ikahon naman ang iyong edad.

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

2. Kulayan ng asul ang unang bilog at ilagay ang unang letra ng iyong pangalan sa panlimang bilog.




3. Isulat ang iyong pangalan sa loob ng parihaba at ang iyong apelyido naman sa loob ng bilog.



4. Bilugan ang mga malalaking letra.

B a i T a n G

5. Kulayan ang gitnang bituin ng pula at berde naman sa magkabila.





Karagdagang Gawain

Panuto: Sundin ang bawat panuto.

1. Isulat sa patlang ang paborito mong kulay.

2. Kulayan ng dilaw ang salitang tumutukoy sa pangalan ng buwan.

Lunes

Sabado

Agosto

3. Isulat ang kasunod na bilang.

5 6 7 8 _____

4. Anong letra ang kasunod ng letrang S? Isulat sa patlang.

5. Isulat sa bilog ang iyong kasarian.

lalaki

babae

Sanggunian

- Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.
- Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph